# ANG KAHALAGAHAN NG PALISI'T INSTITUSYON SA PAGPAPAYAMAN NG WIKANG FILIPINO BILANG WIKA NG PANANALIKSIK: PANAYAM KAY DR. SERGIO S. CAO

ni Schedar D. Jocson




Nang maging Tsanselor ng UP Diliman si Sergio S. Cao mula 2005 hanggang 2011, nagkaroon muli ng suporta ang pagsusulong ng wikang Filipino bilang wikang panturo at wika ng saliksik. Bumuo si Dr. Cao ng isang *endowment fund* na umaabot ng sampung milyong piso ang nakalaang pondo para sa pagbibigay-suporta sa pananaliksik ng mga dalubhasa sa wikang Filipino at mga wika ng Pilipinas. Binuo ng Sentro ng Wikang Filipino ang *Gawad Saliksik-Wika* upang pasinayaan ang muling pagpapalakas ng wikang Filipino sa unibersidad. Kaakibat nito, nahanapan rin ng bagong opisina ang SWF kung saan mas madaling mapuntahan ngayon ng mga akademiko, mananaliksik, at mga mag-aaral para sa kanilang tanong. Inilunsad din ang websayt ng SWF para sa mas mabilis na pagbabahaginan ng kaalaman.

Sa panayam na ito, nagpaunlak si Dr. Sergio Cao na magbalik-tanaw sa usapin ng Wikang Filipino bilang wika ng pananaliksik at ng papel ng SWF sa pagsusulong nito.

Schedar D. Jocson: **Bilang nagpakadalubhasa sa matematika bago kayo lumipat sa Kolehiyo ng Administrasyong Pangnegosyo (CBA), bakit maraming Pilipino ang takot sa matematika?**

Sergio S. Cao: Natural sa tao na magkaroon ng takot sa matematika. Batay sa mga pag-aaral na isinagawa, ibang bahagi ng utak ang ginagamit kapag tinatalakay ang matematika. Mabibilang ang ordinaryong tao na makapagsasabing gustong-gusto niya ang asignatura. Marami rin ang takot na tao sa matematika dahil tiyak ang sagot sa mga katanungan sa matematika. Halimbawa, ang 2 + 2 ay 4. *Precise* ang sagot sa sitwasyong matematikal at sa pagka-precise nito ang dahilan kung bakit marami ang may ayaw sa matematika.

SDJ: **Mayroon bang maitutulong ang wikang Filipino upang iwaksi ang takot?**

SSC: Nagsimula ako sa matematika ngunit lumipat ako sa *finance*. Importante ang lengguwahe sa pagtuturo sa isang disiplina. Naniniwala ako na kung Filipino ang gagamitin sa pagtuturo ng *mathematics*, baka mas maganda ang pagkakaintindi ng mga nag-aaral ng mathematics. Kinakailangan na kumportable ang mag-aaral sa wikang pinili bilang wikang panturo. Sa ngayon kasi, ang paggamit at pagpili ng kumportableng wika sa edukasyon ang direksiyon at tunguhin ng *basic education* sa bansa. Hindi nangangahulugang kung ano ang *native tongue* ng bata, siya ang gagamiting wikang panturo. Kung saan kumportable ang bata sa wikang pipiliin, iyon ang dapat gamitin. Halimbawa, sa Pampanga, mas kumportable ang mga bata sa Kapampangan, iyon ang dapat gamitin. Pinanganak ako sa Pampanga at ang wikang kinagisnan ko ay Kapampangan. Pero dahil lumaki ako sa Bulacan, kapag pinapa-*explain* sa akin ang math, mas kumportable akong gamitin ang Tagalog o Filipino. Kung nahirapan ang bata na intindihin ang tanong, maaaring i-*reword*

ang tanong upang maintindihan ng bata. Sa pamamagitan ng paggamit ng kumportableng wika, maso-*solve* niya ang *problem*.

SDJ: **Paano naman ipapakita sa mga guro ang kahalagahan ng wika sa pagtuturo ng Matematika? May pagkukulang ba ang guro sa kahandaan nila?**

SSC: May kakulangan ngayon kasi nga hindi pa napagsasama-sama ang bokabularyo. Hangga't hindi pa napagsasama-sama ang bokabularyo, hindi magiging handa ang kaguruan na ituro ang matematika sa wikang Filipino o mga wika sa bansa. Isa rin itong *chicken-and-egg phenomenon* kasi nga kulang ang terminolohiya sa matematika, hindi naituturo. Dahil hindi naituturo, hindi nag-e-*evolve* ang wika upang magamit sa matematika. Katangian ng wika na dapat na magamit nang magamit upang maging komun ang wika at bokabularyo. Dahil hindi komun na ginagamit ang Filipino sa matematika kaya hindi nagiging epektibo ang wikang Filipino, sa ngayon.

SDJ: **Hinggil naman po sa nalipatan ninyong larangan ng banking at finance, gaano kahalaga ang paggamit ng wikang Filipino sa sektor ng pangangalakal?**

SSC: Pagdating mo sa *business environment*, ang diskusyon ay Ingles. Mawawala ka sa kumpas kung ang wikang ginagamit mo ay Filipino. Halimbawa, ngayon pinag-uusapan namin ang *integration and synergy among companies*. Kapag nag-usap-usap kayo ng mga opisyal ng kompanya, Ingles, at mawawala ka talaga kapag Filipino ang gamitin.

SDJ: **Nakikita po ninyo na magagamit ang Filipino sa kalakalan?**

SSC: Depende sa usapin. Halimbawa sa *stock market*, kung wala namang bokabularyo, paano gagamitin ang Filipino roon? Mahirap ipasok ang idea.

SDJ: **Paano ninyo nakikitang *economically viable* ang wikang Filipino?**

SSC: Kapag ba sinabi mong economically viable, may *financial implication* ba yan? Kasi sa Japan at sa Thailand, ang wika ng kanilang business doon ay Hapon at Thai. Kailan tayo dadating doon? Baka sa *lifetime* ko, hindi yun mangyayari. Kahit sa *lifespan* ng mga anak ninyo, hindi mangyayari, kasi nga hindi naman ginagamit ngayon. Kung gusto natin na makitang ginagamit ang Filipino sa negosyo, dapat nagsisimula na ngayon. Ngayon na humaharap tayo sa ASEAN Integration, humaharap tayo sa kumpetensiya sa kalakan, sa edukasyon, magkakaroon ng *mutual recognition*. Sa tingin ko, nagkaroon ng bagong environment na lalong magpapahirap sa pagpapatanggap ng Filipino bilang wika ng pagtuturo at bilang wika ng kalakalan. Sa paniwala ko, sana nangyari na noon pa na tinanggap na ang Filipino bilang wikang ginagamit sa edukasyon at business.

SDJ: **Bilang Tsanselor sa UP Diliman, naging malakas ang suporta ninyo sa pagsusulong ng wikang Filipino at sa sining. Nagbigay rin kayo ng pondo para sa Sentro ng Wikang Filipino. Ano ang mga dahilan kung bakit mas malakas ang binigay ninyong suporta sa wika at sining sa pamantasan?**

SSC: Linawin ko lang na ang "mas malakas" ay *relative*. Kung ang pinanggagalingan mo ay walang suporta, kahit kaunting suporta, malakas na iyon. Ganito ko siya ilalagay: matagal nang may palisi sa wikang Filipino. Nauna nga ang UP, wala naman nangyari dahil walang kumilos. Kung mayroon mang nangyari, kaunti lang. Halimbawa, bakit hindi na-*impose*? *Hypothetically*, puwede naman ma-impose ang palisi. Halimbawa, bakit hindi ginawan ng insentibo ang pagtuturo sa Filipino sa pamamagitan halimbawa ng *times 2* ang suweldo ng mga gurong magtuturo gamit ang Filipino. Kung na-impose 'yan, ewan ko na lang kung hindi lahat magsipagturo gamit ang Filipino. Baka nagkaroon ng kaunting pagkukulang sa pag-iisip sa insentibo. Ang palisi ay papel lamang, paano mo 'yan isasakatuparan? Dapat sana nagkaroon ng mas malakas na insentibo para hindi maging

*tokenistic* ang paggamit ng Filipino. Halimbawa, kapag gumawa ka ng libro sa matematika gamit ang Filipino, o bigyan ng P100,000 o kaya palakihin ang *promotion points*. Kung mayroon kang palisi, dapat mayroon kang gagawin tungkol dito. Dapat naging wika ng University Council ay Filipino. Noong panahon ko, sinisimulan ko ang pulong sa Council gamit ang Filipino pero dahil *eventually* lahat nag-i-Ingles na, Ingles na natatapos ang pulong. Dapat siguro mayroon ding *political will* na may *firm policy*.

Noong ako ay tsanselor, naniniwala ako noon pa na tama ang palisi sa wikang Filipino. Hindi ako nagbigay ng pahayag na hindi tama ang palisi. Paano mo ngayon susuportahan iyon? Maraming paraan. Ako, lahat ng *major speeches* ko, ay nasa Filipino. Noong Investiture, speech ko ay Filipino. Isang bagay yan na nagbibigay ng suporta. Ang speeches ay narerekord 'yan at kung ikaw ay presidente o tsanselor ng UP, ang speeches mo ay palisi. Kapag ang Investiture speech mo ay sa Filipino, nagseset ka ng palisi. Pero ito ay *passive* na pagkilos. Sa *active support*, nakita ko na ang pagsasaliksik sa Filipino ay nakikipagkumpetensiya sa *research fund*. Sabi ko, bakit hindi kaya tayo maglagay ng Endowment Fund. Umandar naman iyon eh. May nakatabing pondo para sa mga magsasaliksik sa Filipino. Ito ay isang uri ng insentibo. Malaking bagay rin na nahanapan ng bahay ang Sentro ng Wikang Filipino dahil malaking sanhi ng pagkakaroon ng isang opisina ay makapagtrabaho ka nang husay. Kahit ang mga Professorial Chair Awards, may nananalo na taga-Filipino. Kapag tiningnan mo, malaking bagay na ang mga ito ngunit kung titingnan mo nang mas malawakan, kaunti lamang ito kasi nga dapat noon, naisagawa na ito. Dapat patuloy na isinasagawa ito ngayon. Yung research funds halimbawa, dapat sigurong dagdagan. Tingin ko, dahil ang UP ang unang gumawa ng palisi, dapat na umandar. Hindi puwedeng puro salita lang.

Noong tumakbo ako bilang presidente, nasa wikang Filipino ang aking *vision paper*. I was making a statement na maka-Filipino ako.

Malaking bagay rin na marami akong kaibigan na taga-Departamento ng Filipino. Kailangan na napapalibutan ka rin ng mga taong pinaniniwalaan mo ang kanilang posisyon. Yung mga kaibigan ko sa departamento, kapag tumatayo sila sa Council, Filipino ang gamit nila. Hindi ko nararamdaman na mag-isa ako sa pinaniniwalaan ko. Puwede namang naniwala ako sa palisi pero hindi naman ako kumilos. Importante na hindi huminto ang mga nagsusulong ng parehong adbokasiya ko sa wikang Filipino. Hindi man kami magkakasundo pero mahalaga na pareho kami ng paniniwala sa pagsusulong ng wikang Filipino. Kailangang maraming sabay-sabay sa pagkilos.

SDJ: **May naranasan ba kayo na hindi sumang-ayon sa inyong desisyon na suportahan ang wikang Filipino?**

SSC: Meron. Minsan, sinabihan ako kung bakit Filipino ang Investiture speech ko. Ang sabi ko lang, "Iyon ang gusto ko. Ako naman ang nag-i-investiture." Mayroon na nagtanong "Bakit Filipino?" at maraming nagkomento sa akin. Ako ay *secure* sa aking katauhan. Wala namang nagsabi na hindi ako marunong mag-Ingles, na kadalasang maling pagtingin. Pangalawa, I was making a statement. Simula noong tumakbo sa pagka-Tsanselor hanggang sa pagka-Presidente, supportive ako sa Filipino. Hindi nagulat ang mga malalapit kong kaibigan nang ginamit ko ang wikang Filipino sa vision paper ko. Magulat ka kung bigla akong nag-Ingles. Kumportable ako sa Filipino kaya ito ang ginamit ko. May masasabi ka sa wikang Filipino na hindi mo masasabi sa Ingles.

SDJ: **Sa inyong palagay, paano makakatulong ang SWF sa pagpapataas ng kalidad ng ating pamantasan?**

SSC: Maliwanag ang mandato ng SWF kung saan dapat na isinusulong nito ang wikang Filipino bilang wikang panturo at wika ng saliksik. Mahalaga na hindi umalis ang SWF sa mandato na ito at palakasin pa. Katuwang ng SWF ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas kung saan

tumutulong ito sa SWF na paunlarin ang Filipino bilang disiplina. Ang departamento ang siyang magbibigay ng kasanayan samantalang ang SWF ang siyang makapag-iimpluwensiya sa pagbalangkas ng palisi at sa administrasyon. Dapat na magkaroon ng *internal communication* ang SWF sa administrasyon dahil kinakailangan nilang maging impluwensiyal, lalo na sa Tsanselor, kung seryoso sila sa kanilang mandato. Direktang nakapailalim kasi ang SWF sa *Office of the Chancellor* kung kaya dapat na malakas ang ugnayan ng Direktor ng SWF sa Tsanselor.

SDJ: **Anong maaaring programa ang dapat na ilapat sa unibersidad bilang research university na gumagamit ng wikang Filipino bilang wika ng saliksik?**

SSC: Sa totoong depinisyon ng pagiging research university, hindi pa naaabot ng UP. Sa aking vision paper noon, nandoon ang pamamaraan kung paano maging research university ang UP.

Mahalaga na mayroong suporta. Paano mako-*concretize* ang suportang ito? Dapat may sapat na funding para dito. Kailangan, *consistent* sa badyet. Kailangan na nangungulit din para sa dagdag na funding. Bago magkaroon ng badyet, dapat na maayos ang pagpaplano. Kailangan na may plano. Kapag may nailatag na plano, kaakibat nito ang financing. Kapag nagkaroon ng pera, dapat na makapaglatag ng *rules* kung paano ang pagbibigay ng pera. mahalagang maayos ang pag-*justify* sa suportang pinansiyal.

SDJ: **Ano ang maaaring maibahagi ng SWF para makilala ang pamantasan bilang isang research university?**

SSC: Para sa liderato ng unibersidad, dapat na nakapokus ang kaniyang pagtingin. Maaaring hindi tayo pare-pareho sa pagtingin sa kung anong importante sa unibersidad kung kaya nagkakaniya-kaniya tayo pero iisa lang ang problema.

Mahalaga na ang papel ng Direktor ng SWF ay masunod ang mandato sa pagkakabuo ng opisina. Ang mandatong ito ang gagabay sa lahat ng mga ikikilos niya. Magsisilbing konsensiya ang SWF sa administrasyon.

SDJ: **Anong mga konkretong hakbang ninyo noon na maaaring makapagpalakas sa wikang Filipino bilang wika ng saliksik?**

SSC: Makakatulong sa administrasyon at sa mga gumagawa ng palisi kung maipakita natin na marami tayong nagsusulong ng isang paniniwala, gaya ng pagtingin sa wikang Filipino. Sa katunayan, si Presidente Abueva ang nagsulong ng paggamit ng wikang Filipino sa unibersidad. Sa mga tsanselor, nandiyan si Dr. Emerlinda Roman, noong tsanselor pa siya, at siyempre ako. Mahalaga na makuha ang simpatiya ng administrasyon sa pagsulong ng wikang Filipino sa unibersidad, pero hindi sapat na may suporta ang presidente at tsanselor lang. Kung *incremental* ang pagbabago, baka hindi lamang iyon (suporta ng presidente at tsanselor) ang kinakailangan. Kung magkakaroon tayo ng presidente na susuporta, mas makabubuti. Ang tsanselor kasi, tatlong taon lang ang panunungkulan. Mas malaki ang magagawa ng presidenteng may puso sa pagsulong ng wikang Filipino kung sisimulan niya mula sa unang araw ng kaniyang panunungkulan hanggang sa susunod na anim na taon, malaki ang pagbabago. Puwedeng gumawa ng palisi na mas mataas ang professorial chair kung wikang Filipino ang gagamitin ninyo o kaya kung mailathala ang inyong pananaliksik sa Daluyan, magkakaroon ng pagkilala at insentibo. Tingin ko, malaking bagay ang maibibigay ng UP Presidente.

Ngayon kasi, pahirap nang pahirap ang pagsulong ng adbokasiya sa paggamit ng Filipino. Maaaring maliliit na hakbang ang gawin. Halimbawa, ang wika ng University Council ay Filipino, ang memo ng tsanselor ay Filipino. Maliliit na bagay 'yan. May nagsasabi na hindi makabuluhan itong mga hakbang pero saan ba nagsisimula ang mga bagay-bagay? Hindi ba sa maliliit na gawain din.

SDJ: **Hanggang saan ang maaaring gawin ng Direktor ng SWF upang mag-*lobby* sa Tsanselor?**

SSC: Kapag nagla-lobby, kahit na mainis ang pinupuntahan mo, mag-lobby ka lang. Kung tumigil ang Direktor ng SWF na mag-lobby, sino ang gagawa ng pagla-lobby? Ang Kolehiyo ng Arte at Literatura ay may ibang ginagawa bukod sa pagsulong ng wikang Filipino. Pananaw ko sa pamumuno ang "keep knocking." Anong maaaring gawin ng nasa posisyon kung hindi alamin kung bakit ka kumakatok. Ganoon ako noong panahon ni Presidente Roman. May mga pagkakataon na hindi kami nagkakasundo sa simula. Subukin ulit hanggang sa umabot sa pagkokompromiso. Hindi ka maaaring umurong kasi kapag umurong ka, talo ka. Ang tingin ko ang mga nasa SWF at DFPP ay hindi dapat sumuko.

SDJ: **Sa inyong palagay, anong magandang solusyon na gawin ng administrasyon sa bumababang bilang ng mga nakapapasa ng mga kursong ibinibigay sa ilalim ng DFPP?**

SSC: Hindi dapat na tinitingnan na pamantayan ang pagpili ng kursong inaplayan sa UPCAT ang kahinaan o kalakasan ng isang departamento. Ang mga *high school student*, kapag sinasagutan ang pormularyo ng UPCAT, hindi naman niya pipiliin ang Filipino. Wala ang Filipino sa mga *top choices* ng high school students. Dapat na matiyak kung gaano karami ang kumuha ng Filipino bilang kurso at ilan ang pumasa at hindi pumasa. Iyon ang dapat na tingnan na pamantayan. Hindi masasabing indikasyon ng demand sa kurso ang bilang ng mga pumasa sa UPCAT. May mga kurso na mandato rin ng UP na buksan. Kahit na wala ang BA Filipino o BA Araling Pilipino, dapat na nandiyan 'yan dahil walang mag-aaral ng Filipino o ng Araling Pilipino sa anumang kurso sa pamantasan.

## KONGKLUSYON

Iisa ang layunin sa pagpapalakas ng pamantasan bilang nangungunang akademikong institusyon sa pananaliksik ng kasalukuyang administrasyon ng UP System at UP Diliman, at ni Dr. Cao. Inilapit ng UP SWF noong 2006 ang Gawad Saliksik-Wika sa panahon ng panunungkulan ni Dr. Cao. Inaprobahan ito sa ika-2017 pulong ng Board of Regents sa pamamagitan ng *reprogrammed funds transfer* na umabot nang sampung milyong piso. Sa pangunguna ni Dr. Galileo S. Zafra na noo'y direktor ng UP SWF, inayos ang Panuntunan ng Gawad Saliksik-Wika at noong 2009, nagkaroon ng panawagan ang UP SWF ng mga proposal para sa pananaliksik. Unang binigyan ng Gawad si Dr. Glecy Atienza ng DFPP at si Prop. Jem Javier ng Departamento ng Linggwistiks. Noong 2010, binigyan ang apat na mananaliksik ng Gawad. Sa ibinigay na investiture rites para kay Tsanselor Ceasar Saloma, tinutungo ng pamantasan sa ilalim ng kaniyang liderato na mapatupad ang apat na tunguhin ng UP, ayon sa mandato ng UP Charter ng 2008: maging pamantasan ng gradwadong pag-aaral, pamantasang nangunguna sa pananaliksik, unibersidad na nagbibigay ng serbisyong pampubliko, at makilala bilang isang pandaigdigang unibersidad.

Para kay Tsan. Saloma mayroong tatlong pangunahing basehan upang masukat ang kahusayan ng pamantasan: makapagbigay ng bagong kaalamang siyentipiko, malikhain at impluwensiyal na mga pag-aaral, at makapagbigay ng mga gurong mayroong PhD upang humalili sa mga gurong magreretiro na. Ang mga hangaring ito ay bisyon na ninanais matupad sa pamantasan. Sa ngayon, limitado pa ang insentibo sa bawat kolehiyo na makapag-leave ang mga batang gurong nais mag-leave upang makatutok sa pag-aaral dahil sa kakulangan ng mga gurong hahalili sa pagtuturo at kakulangan na rin sa pondong inilalaan. Kailangan rin ng higit na mas malaking pondo para sa Research Dissemination Grant para sa mga gurong nagbabahagi ng kani-kanilang pag-aaral sa loob at labas ng bansa. Kapag hindi sapat ang pondo, hindi nabibigyan ng pagkakataong makapagbahagi ang mga guro/mananaliksik ng kanilang mga pag-aaral.

Kung pagbabasehan ang *Times Higher Education-QS World University Rankings*, ang Arts and Humanities ng UP System ang siyang pinakamataas na klaster ng mga sabjek kung saan

nasa ika-20 puwesto ng may pinakamahusay na programang pansining at humanidades sa buong mundo. Hindi nabibigyan ng karampatang suporta ng administrasyon ng UP ang anuman sa mga programang naglalayon na palakasin ang sining at humanidades. Tahimik ang selebrasyon ng Arts Month sa Diliman, walang inisiyatiba ang administrasyon na magdaos ng pagtatanghal ng likhang sining at ikinaklasipika pa nga ang mga ito hindi bilang produksiyon kung hindi isang gawaing ekstensiyon (extension work) lamang, kung saan mas mababa ang puntos na inilalaan para sa promotion at ranking ng mga guro. Ang Sining at Humanidades ang siyang bukal ng identidad ng UP at ng bansa, ngunit naisasantabi ito para sa mga patakaran ng UP System na magkaroon ng eUP at ng One UP. Ang Pamantasan ang lundayan ng sining at hindi ito matutulungan ng anumang programang pag-isahin at pag-ugnay-ugnayin ang iba't ibang kampus sa internet. Ang sining ay iniluluwal mula sa dinamiko at buhay na pakikipag-ugnayan ng tao sa kapuwa tao.

Kung nakabatay sa isinusulong ng UP na makapaglathala sa mga ISI journal ang lahat ng mga guro, hindi nabibigyang-puwang ang mga nagsusulat sa Filipino. Wala ni isang ISI journal ang nasa wikang Filipino. Isa itong usapin na kailangan pang pag-ukulan ng pansin. Mahalaga ang papel ng wikang pambansa upang maging daan sa serbisyong pampubliko ng mamamayan. Hindi nagiging masikhay ang pagpapaunlad ng UP bilang research university kung hindi nito titingnan ang patakaran ng UP hinggil sa wikang panturo. Hindi nasusunod ang insentibong ibibigay sa mga mananaliksik sa iba't ibang disiplina na gamitin ang wikang pambansa bilang wika ng pananaliksik. Hindi nasasapat ang pagiging pangunahing tagapanayam ng mga guro ng UP kung hindi rin naman kikilalanin ng administrasyon ang papel ng wikang Filipino bilang wikang makapag-uugnay at magiging daan upang maging unibersidad na nagbibigay ng serbisyong pampubliko.

Ang isang unibersidad na nais makilala sa buong daigdig bilang isa sa mga pangunahing lugar upang magkaroon ng produksiyon ng kaalaman ay dapat na pinangangalagaan ang kaniyang guro. Mahalaga ang suporta ng administrasyon upang mahikayat ang mga batang guro na magpapatuloy na itaas ang bandera ng Unibersidad. Ang kaguruan ng Unibersidad ng Pilipinas ay natatanging kayamanan na mayroon ang UP na hindi mapapantayan ng anumang unibersidad, sa loob o labas man ng bansa.